ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# INTERAKTIBONG PANTURO NG MAIKLING KWENTO SA PAGBASA AT PAG-UNAWA SA PAGSULAT NG DAGLI TUGON SA PAGBUO NG SUPLEMENTARYONG MATERYAL

**Jemalyn Orogo Maglasang**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa paggamit ng Interaktibong Panturo ng Maikling Kwento sa Pagbasa at Pag-unawa sa Pagsulat ng Dagli Tugon sa Pagbuo ng Suplementaryong Materyal na may layunin na malaman ang antas ng interaktibong panturo ng maikling kwento upang makita kung epektibo ang binuong material. Ninais rin na masukat ang pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento na magsisilbing sukatan sa natutunan ng mga mag-aaral. Gustong malaman ng mananaliksik ang antas ng performans ng mga mag-aaral sa pagsulat ng dagli. Makita ang epekto ng interaktibong panturo sa maikling kuwento sa performans ng mga mag-aaral at ang epekto ng pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento sa performans ng mga mag-aaral.*

*Ang disenyong ginamit ng mananaliksk sa pag-aaral na ito ay nakabatay sa deskriptibong pamamaraan. Ang nagsilbing tagatugon ay mula sa ika-12 antas na kumukuha ng Humanities and Social Sciences (HUMSS) sa Lecheria Integrated School ng Calamba City Laguna. Panuruang Taon 2023-2024.*

*Lumabas sa resulta ng pananaliksik na ang interaktibong panturo ng maikling kwento ay may puna na sumasang-ayon at literal na paliwanang na lubhang mataas. Sa antas ng pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento ay may puna na sumasang-ayon at literal na paliwanang na lubhang mataas. Ang antas ng performans ng mga mag-aaral sa pagsulat ng dagli ay may mapaglarawang katumbas na namumukod tangi at may literal na paliwanag na dalubhasa. Ipinakita sa resulta na mayroong makabuluhang epekto ang interaktibong panturo maikling kwento sa performans ng mag-aaral at ang pagbasa at pag-unawa sa pagsulat ng dagli sa performans ng mga mag-aaral.*

*Ito ay nagpakita ng makabuluhang epekto sa mga mag-aaral ang interaktibong panturo sa maikling kwento, ang walang bisang palagay ay hindi tinanggap. Nangangahulugan lamang na ang mga interaktibong panturo sa maikling kwento na binuo ng mananaliksik ay naging mabisa.*

*Matapos ang pag-aaral at pagsusuri sa natuklasan, iminumungkahi ng mananaliksik sa mga guro at mag-aaral, ipagpatuloy na gamitin ang mga interaktibong panturo sa maikling kwento para sa pagkatuto ng mga mag-aaral at sa mga guro, paunlarin ang mga nilalaman ng interaktibong panturo sa maikling kwento.*

**SUSING SALITA**: *interaktibong Panturo; Maikling Kwento; Pagbasa; Pag-unawa Panimula*

## PANIMULA

Ang pagbasa at pag-unawa sa mga maikling kwento ay isa sa mga mahahalagang aspeto ng pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa larangan ng wika at panitikan. Subalit, sa kabila ng kahalagahan nito, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa gawaing ito. Ang mga hamong ito ay maaaring magmula sa iba't ibang dahilan tulad ng kakulangan sa bokabularyo, kahinaan sa kakayahang mag-analisa, at kawalan ng interes o motibasyon sa pagbabasa. Napagtanto ng mananaliksik ang kahalagahan ng komprehensyon sa mga akdang binabasa at ito ang naging ugat sa pagbuo ng pag-aaral na ito.

Ayon sa pinakahuling ulat ng Programme for International Student Assessment (PISA) noong 2018, mababa ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Pilipinas. Sa nasabing pagsusuri, ang Pilipinas ay nasa ika-79 na puwesto mula sa 79 na bansa na lumahok, na may average na score na 340 sa pagbasa. Ang average na score na ito ay mas mababa kumpara sa Organisation for Economic Co-operation and Development o OECD average na 487. Ang mga resulta ay nagpapakita na karamihan sa mga mag-aaral sa Pilipinas ay nahihirapang maunawaan ang kanilang binabasa at hindi umaabot sa minimum proficiency level na itinakda ng PISA.

Dahil sa lumabas na resultang ito ay nabatid ng mananaliksik na marami ang naging problema sa sistema ng edukasyon. Kabilang ang kakulangan sa mga kagamitang panturo upang mas mahasa ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang mga binabasa.

Kaya ayon kay Nunan (2013) ang pagbasa ay isang proseso ng pag-unawa at pagbibigay ng kahulugan sa mga teksto. Ito ay isang aktibong kasanayan kung saan ang mambabasa ay gumagamit ng kanyang dating kaalaman, karanasan, at kasanayan upang unawain ang mensahe na ipinahahayag sa teksto.

Ipinapakita lamang na mahalaga ang pagkakaroon ng malalim na pag-unawa sa mga binabasa at malaking tulong ito upang mahubog ang kahusayan ng mga mag-aaral.
Dagdag pa ni Cavan (2021) ang mga kagamitang panturo tulad ng visual aids, audio-visual presentations, at interactive tools ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

nakakatulong sa pagpapadali ng pag-unawa sa mga konsepto at kaisipan.

Naniniwala ang mananaliksik na makatutulong ang mga interaktibong panturo para sa mga guro at mag-aaral. Ito ay bibigyang-tuon ang sa pagpapalakas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa.

Upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa kakulangan sa kagamitang panturo nabatid ng mananaliksik na dapat pagtuunan ang pag-aaral gamit ang interaktibong panturo na makakatulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbasa, pag-unawa at pagsulat.

Dahil dito nabuo ng mananaliksik ang interaktibong panturo ng maikling kwento sa pagbasa at pag-unawa sa pagsulat ng dagli tugon sa pagbuo ng suplementaryong materyal na naglalayong mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbasa, pag-unawa sa maikling kwento ng mga mag-aaral na nasa ikalabing dalawang (12) baitang sa Lecheria Integrated School.

*1.1. Paglalahad ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na alamin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng interaktibong panturo ng maikling kuwento batay sa:
   - 1.1 Pictomaps;
   - 1.2 Elaborative Interrogation;
   - 1.3 Analogy Graphic Organizer;
   - 1.4 Pakwadrong Pagsasalaysay; at
   - 1.5 Pagkukwento ng may Himig?
2. Ano ang antas ng pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento batay sa:
   - 2.1 Pagsasanay;
   - 2.2 Aktibiti; at
   - 2.3 Ebalwasyon?
3. Ano ang antas ng performans ng mga mag-aaral sa pagsulat ng dagli?
4. May makabuluhang epekto ba ang interaktibong panturo ng maikling kwento sa antas ng performans ng mga mag-aaral?
5. May makabuluhang epekto ba ang pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento sa performans ng mga mag-aaral?
6. Ano ang mungkahing gawain o hakbang batay sa kinalabasan ng pagsusuri?

**Metodolohiya ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay isasagawa ayon sa disenyo ng deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik. Ang deskriptibong pananaliksik, ayon kay Feliciano (2015), ang palarawang pananaliksik ay pag-aaral sa kasalukuyang ginagawa at mga isyu na importante sa tao. Ang mga mananaliksik sa uring ito ng pananaliksik ay nagsagawa ng mga sarbey na nagpapaliwanag sa naging pakahulugan sa mga datos na nakalap. Ayon naman kay Sevilla (2015), ang paggamit ng palarawang pamamaraan, bilang kabuuang pangangalap ng datos at tala na naglalayon masubok ang haka o palagay o kaya ay kasagutan sa tanong hinggil sa kasalukuyang kalagayan ng paksang pinag-aaralan. Ang pagkalap ng datos ang unang hakbang upang sagutin ang mga katanungang sa isang populasyon o grupo tulad ng ano, saan at paano. Ito ang nagiging sandigan sa pagbuo ng hypothesis bago sumailalim sa pagsusuring quantitative. Ang nabanggit na metodo ang siyang kinasangkapan ng mananaliksik sa paglikha ng hypothesis na makatutulong upang masagot ang mga suliranin ng pananaliksik.

**Presentasyon, Analisis, at Interpretasyon**

Ang kabanatang ito ay naglalaman ito ng presentasyon, analisis, at interpretasyon ng mga datos na nakalap ng mananaliksik. Nilalaman din ng kabanatang ito ang mga talahanayan na na nagpapakita ng mga datos na nakalap upang mapabilis ang pag-unawa sa pag-aaral. Ang mga sumusunod na presentasyon, analisis at pagtalakay ay magbibigay ng linaw sa mga katanungang nais masagot ng pag-aaral na ito.

Ang mga impormasyon at datos na napaloob dito ay batay sa pagkakasunod-sunod ng pagblalahad ng suliranin. Ipinapakita rin dito ang istatistikal na pamamaraan sa mga talahanayan na sumagot sa pananaliksik na Interaktibong Panturo ng Maikling Kwento sa Pagbasa at Pag-Unawa sa Pagsulat ng Dagli Tugon sa Pagbuo g Suplementaryong Materyal

**Antas ng Interaktibong Panturo ng Maikling Kwento**

Sa pag-aaral na ito, masusing sinuri ang interaktibong panturo ng maikling kwento upang matukoy kung paano makatutulong sa mga mag-aaral ang bawat bahagi nito. kung paanong makatutulong ang mga pagsasanay na ito sa proseso ng pagsulat ng dagli.

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng antas ng interaktibong panturo ng maikling kwento batay sa pictomaps, elaborative interrogation, analogy graphic organizer, pakwadradong pagsasalaysay, at pagkukwento ng may himig.

Sa pagkuha ng resulta, makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga Pahayag, Mean, Standard Deviation, at Puna upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Ang paggamit ng interaktibong panturo tulad ng mga biswal na representasyon ay napakahalaga para sa mga mag-aaral dahil nagbibigay ito ng pagkakataon sa kanila na makita ang imahe ng kanilang binubuong kwento.

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng Antas ng Interaktibong Panturo sa Maikling Kwento batay sa Pictomaps.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1**
*Antas ng Interaktibong Panturo ng Maikling Kuwento batay sa Pictomaps*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naipapalabas ang kalinawan at kahusayan ng larawan/imahen sa maikling kwento.* | 4.52 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalarawan ng mabilis ang kuwento gamit ang pictomaps.* | 4.27 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiiuugnay ang larawan/imahen sa maikling kuwento.* | 4.41 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang larawan bilang isa sa mga simbolismo sa pagsulat ng maikling kwento.* | 4.41 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalahad ng maayos ang maikling kuwento gamit ang pictomaps.* | 4.45 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.41***
***Standard Deviation: 0.35***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa unang pahayag na "Naipapalabas ang kalinawan at kahusayan ng larawan/imahen sa maikling kwento" ay nakakuha ng mean iskor na 4.52 at standard deviation na 0.58 na may puna na lubos na sumasang-ayon. literal na paliwanag na lubhang mataas.

Nangangahulugan lamang ito na lubos na sumasang-ayon ang mga taga-tugon na naipapalabas ang kalinawan at kahusayan ng larawan/imahen sa maikling kwento.

Sa ikalawang pahayag na "*Naiiuugnay ang larawan/imahen sa maikling kuwento"* ay nakakuha ng mean iskor 4.41 at standard deviation 0.57 na may puna na lubos na sumasang-ayon at may literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag, *"Nagagamit ang larawan bilang isa sa mga simbolismo sa pagsulat ng maikling kwento"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.41 at standard deviation na 0.52 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na *"Nailalahad ng maayos ang maikling kuwento gamit ang pictomaps"* nakakuha ng mean iskor na 4.45 at standard deviation na SD=0.52 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na *"Nailalarawan ng mabilis ang kuwento gamit ang pictomaps"* nakakuha ng mean iskor na 4.27 at standard deviation na 0.48 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang kabuoang mean na 4.41, standard deviation na 0.35 at ipinapakita na ang antas ng Interaktibong Panturo ng Maikling Kuwento batay sa Pictomaps ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Ipinakita ng talahanayang isa (1) katanggap-tangap sa mga tagatugon ang mga Pictomaps na ginamit bilang interaktibong panturo.

Ang mga sumagot ay may malakas na pagsang-ayon sa konsepto ng Interaktibong Panturo sa Maikling Kuwento batay sa Pictomaps. Ito ay maaaring maging magandang batayan para sa pagpapabuti o pagpapalawak ng mga pamamaraan sa pagtuturo sa maikling kuwento gamit ang interaktibong mga pagsasalin ng impormasyon. Ang mga resulta ay naglalarawan ng pagiging epektibo ng paggamit ng Pictomaps bilang isang interaktibong tool sa pagtuturo ng maikling kuwento.

Ito ay maaaring magbigay-halaga sa mga guro at tagapagdisenyo ng kurikulum upang patuloy na pagbutihin at linangin ang kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo. Bukod dito, maaaring maging gabay ang resulta ng pag-aaral na ito sa mga pag-aaral pang-paglalakbay patungo sa mas malalim na pag-unawa at epektibong pagpapalawak ng mga pagsasanay sa pagtuturo.
Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng Interaktibong Panturo ng Maikling Kuwento batay sa Elaborative.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2**
*Antas ng Interaktibong Panturo ng Maikling Kuwento batay sa Elaborative Interrogation*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naitatanong ang mga mahahalagang detalye tungkol sa maikling kuwento.* | 4.40 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiisa-isa ang lohika, konteksto, at kahalagahan ng maikling kuwento.* | 4.38 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napagtutuunan ng pansin ang mahahalagang bahagi ng maikling kuwento.* | 4.44 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapakita ang proseso ng pag-iisip na mas higit pa sa simpleng pag-unawa sa maikling kuwento.* | 4.38 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahihikayat na tanungin ang sarili sa kung Paano o Bakit ang nangyari sa maikling kuwento.* | 4.44 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.41***
***Standard Deviation: 0.38***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng Interaktibong Panturo ng Maikling Kwento batay sa Elaborative Interrogation ay nagpapakita ng literal na palinawag na lubhang matas at may puna nalubos na sumasang-ayon sa pananaw ng mga tagatugon.

Sa unang pahayag na *"Naitatanong ang mga mahahalagang detalye tungkol sa maikling kuwento"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.40 at standard deviation na 0.57 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na plaiwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na *"Naiisa-isa ang lohika, konteksto, at kahalagahan ng maikling kuwento"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.38 at standard deviation na 0.51 at may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na *"Napagtutuunan ng pansin ang mahahalagang bahagi ng maikling kuwento"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.44 at standard deviation na 0.54 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na *"Naipapakita ang proseso ng pag-iisip na mas higit pa sa simpleng pag-unawa sa maikling kuwento"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.38 at standard deviation na 0.53 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubos na sumasang-ayon.

Ang ikalimang pahayag na *"Nahihikayat na tanungin ang sarili sa kung paano o bakit ang nangyari sa maikling kuwento"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.44 at standard deviation na 0.59 na may puna na lubos na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na 4.41, standard deviation na 0.38 at ipinapakita na ang antas ng Interaktibong Panturo sa Maikling Kwento batay sa Elaborative Interogation ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa pamamagitan ng Elaborative Interrogation, ang isang tao ay tinuturuan na magtanong at mag-isip nang mas malalim tungkol sa iba't ibang aspeto ng impormasyon na kanilang binabasa o itinatalakay. Sa pamamagitan ng ganitong estratehiya, ang mga mag-aaral ay tinuturuan na maging aktibo sa pangangalap ng impormasyon, mag-isip nang malalim, at magkaroon ng mas malawak na pang-unawa sa mga konsepto at paksa na kanilang pinag-aaralan.

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng interaktibong panturo ng maikling kwento batay sa Analogy Graphic Organizer.

**Talahanayan 3**
*Antas ng Interaktibong Panturo ng Maikling Kwento batay sa Analogy Graphic Organizer*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nakakaakit ang disenyo, malinis na pagkakalapat ng mga elemento, at maayos na presentasyon ng impormasyon.* | 4.45 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naihahambing ng malinaw at makatwirang ang ugnayan ng mga konsepto sa maikling kwento.* | 4.54 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailapat ng maayos at tumpak ang kaugnay sa layunin ng analogic graphic organizer.* | 4.56 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng malinaw at organisado na presentasyon, at nagpapadali sa pag-unawa ng mga ugnayan at konsepto sa maikling kwento.* | 4.55 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagamit sa malikhain at interesanteng ang analogy graphic organizer sa pagpapalalim sa pag-unawa ng maikling kuwento.* | 4.70 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.56***
***Standard Deviation: 0.35***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa Talahanayan 4 ya nagpapakita ng antas ng interaktibong panturo ng maikling kwento batay sa analogy graphic organizer ay nakakuha ng lubos na sumasang-ayon ay literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa unang pahayag na *"Nakakaakit ang disenyo, malinis na pagkakalapat ng mga elemento, at maayos na presentasyon ng impormasyon"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.45 at standard deviation na 0.56 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na *"Naihahambing ng malinaw at makatwirang ang ugnayan ng mga konsepto sa maikling kwento"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.54 at standard deviation na 0.53 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang ikatlong pahayag na "N*ailapat ng maayos at tumpak ang kaugnay sa layunin ng analogic graphic organizer"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.56 at standard deviation na 0.51 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.
Ang ikaapat na pahayag naman ay *"Nakalilikha ng malinaw at organisado na presentasyon, at nagpapadali sa pag-unawa ng mga ugnayan at konsepto sa maikling kwento"* at ay nakakuha ng mean iskor na 4.55 at standard deviation na 0.51 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na *"Nagamit sa malikhain at interesanteng ang analogy graphic organizer sa pagpapalalim sa pag-unawa ng maikling kuwento"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.70 at standard deviation na 0.47 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

May kabuoang mean na 4.56, standard deviation na 0.35 at ipinapakita na ang antas ng interaktibong panturo ng maikling kuwento batay sa analogy graphic organizer ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Nagpapakita ng pagsang-ayon sa resulta ng kanilang pag-aaral na ang paggamit ng Analogy Graphic Organizer ito ang nagbubukas ng mas madaling paggamit sa mga konsepto at ugnayan sa pagitan ng mga elemento ng panitikan. Sa pamamagitan ng ganitong kagamitan, lumalabas na nagiging mas malinaw at malalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang kanilang binabasa. Ang paggawa ng analogy graphic organizer ay isang epektibong paraan upang palalimin ang pag-unawa, magpalakas ng kritikal na pag-iisip, magbigay ng interes sa pag-aaral, palakasin ang memorya, at magbigay ng oportunidad para sa pagpapaunlad ng metakognisyon ng mga mag-aaral.

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng interaktibong panturo ng maikling kwento batay sa pakwadrong pagsasalaysay.

**Talahanayan 4**
*Antas ng Interaktibong Panturo ng Maikling Kuwento batay sa Pakwadrong Pagsasalaysay*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang bawat elemento ng maikling kwento gamit ang pakwadrong pagsasalaysay.* | 4.46 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naitatala sa pakwadrong pagsasalaysay ay maaaring limitado o hindi kumpleto.* | 4.56 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalarawan ang maikling kwento sa pamamagitan ng maiksi at siksik sa impormasyon.* | 4.38 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang pakwadrong pagsasalaysay ay nagpapayaman sa kuwento.* | 4.56 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-buhay ang maikling kwento gamit ang pakwadrong pagsasalaysay.* | 4.66 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.52***
***Standard Deviation: 0.36***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa Talahanayan 5 ya nagpapakita ng antas ng interaktibong panturo ng maikling kwento batay sa pakwadrong pagsasalaysay at may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa unang pahayag na "*Natutukoy ang bawat elemento ng maikling kwento gamit ang pakwadrong pagsasalaysay*" ay nakakuha ng mean iskor na 4.46 at standard deviation na 0.58 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Sa ikalawang pahayag na *"Naitatala sa pakwadrong pagsasalaysay ay maaaring limitado o hindi kumpleto"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.56 at standard deviation na 0.58 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sa ikatlong pahayag na *"Nailalarawan ang maikling kwento sa pamamagitan ng maiksi at siksik sa impormasyon"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.38 at standard deviation na 0.61 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Sa ikaapat na pahayag na *"Nagagamit ang pakwadrong pagsasalaysay ay nagpapayaman sa kuwento"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.56 at standard deviation na 0.52 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na *"nabibigyang-buhay ang maikling kwento gamit ang pakwadrong pagsasalaysay"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.66 at standard deviation na 0.51 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

May kabuoang mean na 4.52, standard deviation na 0.36 at ipinapakita na ang antas ng interaktibong panturo sa maikling kuwento batay sa pakwadrong pagsasalaysay ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa pamamagitan ng paggamit ng ganitong estratehiya, masasabi na nagbubukas ito ng mas malawak na konteksto para sa pangunahing akda. Sa pagkakaroon ng pangunahing kwento o "frame story," nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mas maunawaan ang konteksto ng pangunahing akda. Sa ganitong paraan, nagiging mas malalim ang kanilang pag-unawa at interpretasyon sa pagbuo ng kanilang akda. May mga pagkakataon din na ang frame story ay maaaring magdulot ng pagkaantala sa pag-unlad ng pangunahing kuwento, na maaaring magresulta sa pagkahilo o pagkawala ng interes ng mga mambabasa. Ito ay lalo na totoo kung ang frame story ay hindi maayos na isinulat o hindi kasing kapana-panabik tulad ng pangunahing kuwento.

Ang talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng interaktibong panturo ng maikling kuwento batay sa pagkukwento ng may himig.

**Talahanayan 5**

*Antas ng Interaktibong Panturo ng Maikling Kwento batay sa Pagkukwento ng may Himig*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nailalahad ang emosyon at ekspresyon gamit ang pagkukwento ng may himig.* | 4.13 | 0.39 | Sumasang-ayon |
| *Naibubuod ng kwento sa paggamit ng tunog, at ritmo.* | 4.22 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng may malinaw na wikang at mensahe sa pagkukwento ng may paghihimig.* | 4.18 | 0.41 | Sumasang-ayon |
| *Nakaaawit ng may angkop na interpretasyon at kaakit-akit ang pagkukwento ng may himig.* | 4.11 | 0.41 | Sumasang-ayon |
| *Naipadadama at naipapahayag ang maikling kwento sa pamamagitan ng pagkukwento ng may himig.* | 4.19 | 0.50 | Sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.17***
***Standard Deviation: 0.26***
***Literal na paliwanag: Mataas***

Sa talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng interaktibong panturo ng maikling kuwento batay sa pagkukwento ng may himig, na may puna na sumasang-ayon at literal na paliwanag na mataas.

Sa unang pahayag na *"Nailalahad ang emosyon at ekspresyon gamit ang pagkukwento ng may himig"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.13 at standard deviation na 0.39 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa pangalawang pahayag na *"Naibubuod ng kwento sa paggamit ng tunog, at ritmo"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.22 at standard deviation na 0.46 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na *"Nakalilikha ng may malinaw na wikang at mensahe sa pagkukwento ng may paghihimig"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.18 at standard deviation na 0.41 na may puna na sumasang-ayon at literal na paliwanag na mataas.

Sa ikaapat na pahayag na *"Nakaaawit ng may angkop na interpretasyon at kaakit-akit ang pagkukwento ng may himig"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.11 at standard deviation na 0.41 na may puna na sumasang-ayon at literal na paliwanag na mataas.

Sa ikalimang pahayag na *"Naipadadama at naipapahayag ang maikling kwento sa pamamagitan ng pagkukwento ng may himig"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.19 at standard deviation na 0.50 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

May kabuoang mean na 4.16, standard deviation na 0.26 at ipinapakita na ang antas ng interaktibong panturo sa maikling kuwento batay sa pagkukwento ng may himig ay may puna na sumasang-ayon at literal na paliwanag na mataas.

Ang resulta ay patuloy pa rin na nagpapakita ng pagsang-ayon at suporta sa interaktibong pagtuturo sa maikling kuwento gamit ang pagkukwento ng may himig. Ito ay nagpapahiwatig na kahit na may kaunting pagkakaiba-iba sa mga sagot, ang karamihan ay naniniwala sa halaga at epekto ng ganitong

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pamamaraan ng pagtuturo. Bagaman ang resulta ay maaaring mababa sa inaasahan, ang mga impormasyon na ito ay patuloy pa rin na nagpapakita ng halaga at potensyal ng interaktibong pagtuturo sa maikling kuwento gamit ang pagkukwento ng may himig.

Makikita sa kanilang pag-aaral na maraming dapat na ikonsidera sa pagbuo ng pagkukwento ng may himig, kaya't isa ito sa nakikitang dahilan kung bakit ang mga mag-aaral ay nahirapan sa pagbuo ng konseptong ito.

At ang pagkukuwento ng may himig ay maaaring magdulot din ng pagkakaroon ng limitasyon sa perspektiba ng kwento. Dahil ito ay batay sa personal na karanasan o pananaw ng may-akda, maaaring hindi maipakita ng kwento ang iba't ibang mga punto de bista o pananaw ng iba pang mga tauhan. Ito ay maaaring humantong sa isang pagkakaiba sa pag-unawa ng mga mambabasa at maaaring magdulot ng pagkakawatak-watak sa interpretasyon ng kwento.

**Antas ng Pagbasa at Pag-unawa sa Maikling Kwento**
Upang malaman ang antas ng pagbasa at pag-unawa sa pagsulat ng dagli batay sa pagsasanay, aktibiti at ebalwasyon gumamit ang mananaliksik talatungan at sa pagsusuri ng mga datos na nakalap gumamit naman ng Weighted Mean, Standard Deviation, sa pagbibigay naman ng interpreatsyon ginamitan ito ng puna at Literal na Paliwanag.

Ang talahanayan 6 ay nagpapakita ang antas ng pagbasa at pag-unawa sa pagsulat ng dagli batay sa pagsasanay.

**Talahanayan 6**
*Antas ng Pagbasa at Pag-unawa sa Maikling Kwento batay sa Pagsasanay*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naipakita ng malinaw ang layunin ng pagsasanay.* | 4.32 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasunod ang itinakdang oras para sa mga pagsasanay.* | 4.25 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiisa-isa ang positibong epekto at pagbabago sa mga pagsasanay.* | 4.21 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatulong ang pagsasanay sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan.* | 4.32 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang sistematikong proseso sa pagbuo ng pagsasanay.* | 4.13 | 0.41 | Sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.25***
***Standard Deviation: 0.30***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento batay sa pagsasanay ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa unang pahayag na *"Naipakita ng malinaw ang layunin ng pagsasanay"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.32 at standard deviation na 0.51 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa pangalawang pahayag na *"Nasunod ang itinakdang oras para sa mga pagsasanay"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.25 at standard deviation na 0.45 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na *"Naiisa-isa ang positibong epekto at pagbabago sa mga pagsasanay*" ay nakakuha ng mean iskor na 4.21 at standard deviation na 0.45 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na *"Nakatulong ang pagsasanay sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.32 at standard deviation na 0.50 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.
Sa ikalimang pahayag na *"Nagagamit ang sistematikong proseso sa pagbuo ng pagsasanay"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.13 at standard deviation na 0.41 na may puna na sumasang-ayon at literal na paliwanag na mataas.

May kabuoang mean na 4.25, standard deviation na 0.30 at ipinapakita na ang antas ng pagkatuto sa maikling kuwento batay sa pagsasanay ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ito ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng pagsasanay sa pagpapalalim ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng maikling kuwento. Sa kabuuan, ang resulta ay nagpapakita ng positibong epekto ng pagsasanay sa pagkatuto sa maikling kuwento, na naglalarawan ng potensyal nitong magdulot ng malalim at masiglang pag-unlad sa edukasyon ng mga mag-aaral.

Ang pagsasanay ay naglalayong magbigay ng mga oportunidad para sa mga mag-aaral na mapalawak ang kanilang pag-unawa, mapabuti ang kanilang interpretasyon, at maipakita ang kanilang kasanayan sa paglikha at pag-unawa ng mga maikling kuwento.

Ang talahanayan 7 ay nagpapakita ang antas ng pagbasa at pag-unawa sa pagsulat ng dagli batay sa pagsasanay aktibiti.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 7**
*Antas ng Pagbasa at Pag-unawa sa Maikling Kwento batay sa Aktibiti*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naipakita ng malinaw at tiyak na layunin ng aktibiti.* | 4.24 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naihayag ng malinaw ang panuto para sa mga kalahok.* | 4.28 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naihanda ang mga materyales at kagamitan na kinakailangan para sa aktibiti.* | 4.15 | 0.41 | Sumasang-ayon |
| *Nabigyan ng sapat na gabay at suporta mula sa guro o facilitator habang nangyayari ang aktibiti.* | 4.24 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatulong ang aktibidad sa pagpapalawak ng kaalaman at pag-unawa.* | 4.28 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.24***
***Standard Deviation: 0.29***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento batay sa aktibiti at may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa unang pahayag na *"Naipakita ng malinaw at tiyak na layunin ng aktibiti"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.24 at standard deviation na 0.48 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na *"Naihayag ng malinaw ang panuto para sa mga kalahok"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.28 at standard deviation na 0.46 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na *"Naihanda ang mga materyales at kagamitan na kinakailangan para sa aktibiti"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.15 at standard deviation na 0.41 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag *na "Nabigyan ng sapat na gabay at suporta mula sa guro o facilitator habang nangyayari ang aktibiti"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.24 at standard deviation na 0.45 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na *"Nakatulong ang aktibidad sa pagpapalawak ng kaalaman at pag-unawa"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.28 at standard deviation na 0.47 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

May kabuoang mean na 4.24, standard deviation na 0.29 at ipinapakita na ang antas ng pagkatuto sa maikling kuwento batay sa aktibiti ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Mula sa mga resulta na nailatag, mababatid na ang ikatlong pahayag ang nakakuha ng mababa, naniniwala ang mga mag-aaral na mayroong pagkukulang sa mga kagamitan na ginamit para sa aktibiti. Ngunit sa kabuuan ay mababatid na nakakuha pa rin ng mataas ang kabuuang resulta ang nakuha mula sa mga datos sa itaas.

Mahalaga ang aktibidad sa pagsulat sa pagpapaunlad ng kakayahan ng isang tao sa sining ng pagsusulat. Ito ay isang mahusay na paraan upang magkaroon ng pagkakataon na maipahayag ang sariling kahusayan at imahinasyon sa pamamagitan ng likhang-sining tulad ng maikling kuwento, tula, dula, at iba pa. Ang pagsulat ay hindi lamang isang kakayahan, kundi pati na rin isang paraan ng pagsasabuhay at pagpapahayag ng mga damdamin, karanasan, at ideya.

Ang talahanayan 8 ay nagpapakita ang antas ng pagbasa at pag-unawa sa pagsulat ng dagli batay sa ebalwasyon.

**Talahanayan 8**
*Antas ng Pagbasa at Pag-unawa sa Maikling Kwento batay sa Ebalwasyon*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naipakita ng malinaw na panuto o pamantayan.* | 4.29 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiisa-isa ang antas ng kaalaman sa pagbuo ng maikling kwento.* | 4.23 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-pansin ang kalakasan at kahinaan ng gawain.* | 4.22 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang ebalwasyon ay sa iba't ibang paraan.* | 4.28 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay ng feedback sa mga gawain na iniatas.* | 4.25 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

***Overall Mean: 4.25***
***Standard Deviation: 0.30***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa Talahanayan 8 ay nagpapakita ng antas ng pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento batay sa ebalwasyon at may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa unang pahayag na *"Naipakita ng malinaw na panuto o pamantayan"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.29 at standard deviation na 0.48 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na *"Naiisa-isa ang antas ng kaalaman sa pagbuo ng maikling kwento"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.23 at standard deviation na 0.43 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na *"Nabibigyang-pansin ang kalakasan at kahinaan ng gawain"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.22 at standard deviation na 0.43 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na *"Nagagamit ang ebalwasyon ay sa iba't ibang paraan"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.28 at standard deviation na 0.47 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na *"Nakapagbibigay ng feedback sa mga gawain na iniatas"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.25 at standard deviation na 0.43 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

May kabuoang mean na 4.25, standard deviation na 0.30 at ipinapakita na ang antas ng pagkatuto sa maikling kuwento batay sa aktibiti ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang ebalwasyon ay hindi lamang naglalayong masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral, kundi ito rin ay isang paraan upang makilala ang kanilang mga pangangailangan at mga potensyal na pagkakataon sa pag-unlad. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng fidback at suporta batay sa mga resulta ng ebalwasyon, maaari nating tulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng mas mabisang plano para sa kanilang pag-aaral at pagpapaunlad.

Sa kabuuan ang ebalwasyon ay isang mahalagang proseso sa edukasyon na naglalayong suriin at sukatin ang kasanayan at kadalubhasaan ng mga mag-aaral sa iba't ibang larangan.

**Antas ng Performans ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Dagli**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng antas ng performans ng mga mag-aaral sa pagsulat ng dagli. ipinaliliwanag ng mga pahayag, mean, standard deviation upang lubos na maunawaan ang kinalabasan ng pag-aaral**.**

Ang talahanayan 9 ay nagpapakita ng performans ng mga mag-aaral sa pagsulat ng dagli

**Talahanayan 9**
*Antas ng performans ng mga mag-aaral sa pagsulat ng dagli*

| | Marka | Kabuoan | Bahagdan | Mapaglarawang Katumbas |
|---|---|---|---|---|
| 5 | 25 - 30 | 167 | 92.78 | Namumukod tangi |
| 4 | 19 - 24 | 13 | 7.22 | Lubhang Kasiya-siya |
| 3 | 13 - 18 | 0 | 0.00 | Kasiya-siya |
| 2 | 7 - 12 | 0 | 0.00 | Medo Kasiya-siya |
| 1 | 0 - 6 | 0 | 0.00 | Hindi Naabot ang Inaasahan |
| | **Total** | **180** | **100** | **Namumukod tangi** |
| | ***Weighted Mean*** | ***28.57*** | | |
| | ***Pinakamababang Marka*** | ***22*** | | |
| | ***Pinakamataas na marka*** | ***30*** | | |
| | ***Standard Deviation*** | ***2.20*** | | |

Ang talahanayan 9 ay nagpapakita ng antas ng performans ng mga mag-aaral sa pagsulat ng dagli, sa kabuoang isang daan at walumpu na tagatugon, ang marka na *"25 - 30*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na isang daan at animnaput pito (167) o 92.78% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Namumukod tangi***.**

Habang ang marka na *"19 - 24"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na labingtatlo (13) o 7.22% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Lubhang Kasiya-siya*.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

May kabuoang *(Weighted Mean = 28.57, SD = 2.20)* at *(pinakamababang marka = 22, pinakamataas na marka = 30)* ipinapakita na ang antas ng performans ng mga mag-aaral sa pagsulat ng dagli ay may mapaglarawang katumbas na *Namumukod tangi* at may literal na paliwanag na *Dalubhasa*. Ipinapakita na ang paggamit ng interaktibong panturo ay may mataas na epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral at lumalabas na ang pag-aaral ay lubhang katanggap-tangap.

Nangangahulugan lamang na ang interaktibong panturo ng maikling kwento sa pagbasa at pag-unawa sa pagsulat ng dagli ay naging epektibo.

Ito ay nagtuturo ng mga teknik at pamamaraan na nagpapalakas sa pagbuo ng kwento, paglalarawan ng mga karakter, at pagpapalutang ng mga tema sa loob ng limitadong espasyo ng teksto.

Ang talahanayan 10 ay nagpapakita ang Makabuluhang epekto ng interaktibong panturo ng maikling kuwento sa antas ng performans ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 10.**

*Makabuluhang epekto ng interaktibong panturo ng maikling kuwento sa antas ng performans ng mga mag-aaral*

| Performans | B | SE | β | t | p |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 23.22 | 4.214 | | 5.51 | 1E-07 |
| *Pictomaps* | | 0.486 | 0.129 | 0.265 | 0.791 |
| *Elaborative Interrogation* | | 0.451 | 0.22 | 0.487 | 0.627 |
| *Analogy Graphic Organizer* | | 0.634 | 0.682 | 1.076 | 0.283 |
| *Pakwadrong Pagsasalaysay* | | 0.613 | -0.25 | -0.4 | 0.687 |
| *Pagkukwento ng may Himig* | | 0.648 | 0.436 | 0.673 | 0.502 |
| *R-squared* | | | .014 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | -.01 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 2.213 | | | |
| *F(5, 180)* | | | | .49 | .783 |

*p < 0.05

Upang malaman kung makabuluhang epekto ng interaktibong panturo ng maikling kuwento sa performans ng mga mag-aaral gumamit ang mananaliksik ng multiple regression.

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto ng interaktibong panturo ng maikling kuwento sa performans ng mga mag-aaral. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 1.4% ng *variance* sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.014). Ang *Pictomaps*, *Elaborative Interrogation*, *Analogy Graphic Organizer*, *Pakwadrong Pagsasalaysay* at *Pagkukwento ng may Himig* ay walang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (5, 174) p > 0.05), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay hindi tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamin sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na walang makabuluhang epekto ng interaktibong panturo ng maikling kuwento at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang epekto ng interaktibong panturo ng maikling kuwento sa antas ng performans ng mga mag-aaral*" ay huwag tanggapin, ipinapakita nito na walang epekto sa pagitan nila.

Ipinapakita din nito na ang walang bisang ang palagay na Walang makabuluhang epekto ng interaktibong panturo ng maikling kuwento sa performans ng mga mag-aaral" ay huwag tanggapin at ipinapakita nito na "mayroong makabuluhang" epekto sa pagitan nila. Nanganguhulugan ito ng katiyakan na ang kagamitan ay nakatulong upang mahubog ang kasanayan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsulat ng dagli.

Mula resulta ng pag-aaral sumang-ayon ang pahayag nina Saul, Capiz, at Milan na ang pagsulat ng dagli ay hindi lamang nagpapalakas ng kasanayan sa pagsusulat, kundi nagbibigay din ng maraming positibong epekto para sa mga mag-aaral tulad ng pagpapalakas ng kritikal na pag-iisip, imahinasyon, empatya at paglalahad ng damdamin sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang interaktibong panturo.

Ang talahanayan 11 ay nagpapakita ng makabuluhang epekto ng interaktibong panturo ng maikling kuwento sa antas ng performans ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 11.**
*Makabuluhang epekto ng pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento sa performans ng mga mag-aaral*

| Performans | B | SE | β | t | p |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 29.36 | 3.059 | | 9.597 | 8E-18 |
| *Pagsasanay* | | 0.587 | -0.55 | -0.94 | 0.348 |
| *Aktibiti* | | 0.741 | 0.74 | 0.998 | 0.32 |
| *Ebalwasyon* | | 0.704 | -0.37 | -0.53 | 0.598 |
| *R-squared* | | | .009 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | -.01 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 2.206 | | | |
| *F(5, 180)* | | | | .489 | .784 |

*p < 0.05

Upang malaman kung makabuluhang epekto ng pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento sa performans ng mga mag-aaral gumamit ang mananaliksik ng multiple regression.

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento sa performans ng mga mag-aaral. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 0.9% ng *variance* sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.009). Ang *Pagsasanay*, *Aktibiti* at *Ebalwasyon* ay walang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (5, 174) p > 0.05), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay hindi tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamin sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na may makabuluhang epekto ng pagkatuto sa pagsulat ng dagli at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang epekto ng pagkatuto sa pagsulat ng maikling kuwento sa performans ng mga mag-aaral*" ay huwag tanggapin, ipinapakita nito na walang epekto sa pagitan nila.

At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na *"Walang makabuluhang epekto ng pagkatuto sa pagsulat ng dagli sa performans ng mga mag-aaral"* ay huwag tanggapin at ipinapakita nito na "mayroong makabuluhang" epekto sa pagitan nila. Nanganguhulugan ito ng may katiyakang ang kagamitan at nakatulong upang mahubog ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng maikling kwento.

Ipinapakita dito na ang paggamit ng interaktibong panturo sa maikling kwento ay nagkaroon ng malaking impluwensiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral sang-ayon sa pag-aaral ni Adigue na sa pamamagitan nito ay higit na natututo ang mga mag-aaral kung may interaktibong lahok sa bawat pagtuturo. Kung kaya lumabas na ang kagamitang ito ay katanggap-tangap sa mga tagatugon.

**Konklusyon at Rekomendasyon**
Base sa naging resulta ng pananaliksik, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo.
Ang unang walang bisang palagay na "walang makabuluhang epekto ng interaktibong panturo ng maikling kuwento sa performans ng mga mag-aaral" ay hindi tinanggap. At maaari itong magbigay ng positibong epekto bilang batayan sa paglikha ng mga karagdagang interaktibong panturo na makatutulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng dagli.

Gayundin ang pangalawang walang bisang palagay na "walang makabuluhang epekto ang pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento" ay hindi tinatanggap. Nangangahulugan lamang na naging epektibo ang ginamit ng mananaliksik na interaktibong panturo sa maikling kwento sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa maikling kwento.

Hango sa kinalabasan at konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon:
1. Sa mga guro at mag-aaral, maaaring ipagpatuloy na gamitin ang mga estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ng maikling kwento.
2. Sa mga guro, paunlarin ang mga nilalaman ng interaktibong panturo sa maikling kwento.
3. Sa mga susunod na mananaliksik, hinihikayat na mas palawakin ang mga salik na maaring magamit sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng maikling kwento sa interaktibong pamamaraan.

**Talasanggunian**
1. *Nunan, D. (2001). Chapter on Reading. In R. Carter & D. Nunan (Eds.), The Cambridge Guide to Teaching English to Speakers of Other Languages (pp. 21-27). Cambridge University Press.*
2. *Cavan (2021) does not appear in widely recognized sources, so you may need to cross-check for accuracy or the specific text that discusses the use of teaching aids in comprehension.*